## Propeta Elijah

(1 Hari 17)



Noong unang panahon, sa isang malayong lugar, may isang lalaking nagngangalang Elijah. Si Elijah ay isang espesyal na tao dahil siya ay isang propeta. Ang propeta ay kinakausap ng Diyos upang ibahagi ang Kanyang mensahe sa mga tao.

Nang panahong iyon, si Haring Ahab ang namumuno sa bansang Israel. Si Haring Ahab at ang kanyang asawa ay sumasamba kay Baal at patuloy na sumusuway sa Diyos. Isang araw, pinapunta ng Diyos si Elijah kay Haring Ahab upang sabihin na makakaranas ng matinding tagtuyot ang bansang Israel dahil sa kanyang pagsuway. Hindi magpapadala ng ulan ang Diyos sa mga darating na taon hanggat hindi Niya sinasabi.

Pagkatapos ibigay ni Elijah ang mensahe, sinabi ng Diyos sa kanya na magtago sa tabi ng isang maliit na batis na tinatawag na Kerith Ravine. Sumunod si Elijah sa sinabi ng Diyos. Nangyari ang mga bagay tulad ng sinabi ni Elijah. Huminto ang ulan, at natuyo ang lahat.

Hindi pinabayaan ng Diyos si Elijah. Nagpadala Siya ng mga uwak, malalaking itim na ibon, upang dalhan siya ng pagkain tuwing umaga at gabi. Dinadala ng mga uwak sa kanya ang tinapay at karne, at umiinom si Elijah ng tubig mula sa batis.

Lumipas ang panahon at natuyo ang batis dahil walang ulan, ngunit may ibang plano ang Diyos para kay Elijah. Sinabi ng Diyos sa kanya na pumunta sa isang bayan na tinatawag na Zarepath, kung saan may isang mabait na babae na magpapakain sa kanya.

Naglakbay si Elijah papunta sa Zarepath. Pagdating niya roon, nakita niya ang isang biyuda na nag-iipon ng mga panggatong. Hiniling ni Elijah sa kanya na bigyan siya ng maiinom na tubig at isang pirasong tinapay. Malungkot na sinabi ng babae na wala siyang tinapay, isang dakot lamang ng harina at kaunting langis ang mayroon siya, na balak niyang gamitin para sa huling pagkain nila ng kanyang anak.

Ngumiti si Elijah at sinabi, "Huwag kang mag-alala. Umuwi ka at gumawa ka muna ng tinapay para sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka rin para sa iyo at sa iyong anak. Nangako ang Diyos na ang iyong banga ng harina at lalagyan ng langis ay hindi mauubos hanggang sa araw na magpadala muli ng ulan ang Diyos."

Naniwala ang biyuda kay Elijah at ginawa ang kanyang sinabi. At tulad ng ipinangako ng Diyos, ang banga ng harina at ang lalagyan ng langis ay hindi nauubos. Lagi silang may pagkain hanggang natapos ang tagtuyot.

Ang Diyos ang nagkakaloob ng ating pangangailangan. Siya ay nagmamahal, nangangalaga at nagmamalasakit sa atin. Pinakikita ng kuwento na pinagkakaloob ng Diyos ang ating mga pangangailangan, tulad ng pagbibigay Niya ng pagkain at tubig para kay Elijah sa pamamagitan ng mga uwak at ang walang katapusang supply ng harina at langis para sa biyuyda at kanyang anak. Sila ay patuloy na may nakakakain bagamat matindi ang tagtuyot ng panahong iyon.

